Republic of the Philippines
Province of Laguna
Municipality of Santa Cruz

# SANGGUNIANG BAYAN OFFICE

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG OKTUBRE 13, 2025, LUNES, IKA-09:15 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Jericho V. Asinas | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Roselon F. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Louie C. De Leon | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Mark Anthony M. Juangco | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RECORDED 21 OCT 2025 Santa Cruz, Laguna
SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RELEASED 21 OCT 2025 Santa Cruz, Laguna

**KAPASIYAHAN BLG. 359- T2025**

**KAPASIYAHANG NAGPAPAHAYAG NG PAGLIKHA NG MGA POSISYONG BARANGAY HEALTH AIDE, CHIEF ADMINISTRATIVE AIDE I, DALAWANG (2) ADMINISTRATIVE AIDE I, AT ISANG (1) ADMINISTRATIVE AIDE III NA MAY HONORARIUM NA POPONDOHAN NG MOOE NG BARANGAY PATIMBAO MULA TAONG 2026 NA PINAGTIBAY SA BISA NG BARANGAY RESOLUTION NO. 19-S2025 / BARANGAY ORDINANCE NO. 002-S2025 NG BARANGAY.**

**SPONSOR: KGG. RIZALDY N. KALAW**

**SAPAGKAT,** may kahilingan ang Sangguniang Barangay ng Patimbao na makapaglikha ng mga posisyong nakasaad sa itaas nito;

**SAPAGKAT,** layunin ng Sangguniang Barangay ng Patimbao na matugunan ang lumalaking pangangailangan ng barangay at magkaroon ng epektibong serbisyo sa mga mamamayan nito;

**SAPAGKAT,** ang nasabing kahilingan ay iniliwat sa mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKAT,** matapos ang pag-aaral ay ipinasiya ng mga lupon na pagtibayin na ito.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kgg. Rizaldy N. Kalaw (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan ng lahat ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang paglikha ng mga posisyong Barangay Health Aide, Chief Administrative Aide I, dalawang (2) Administrative Aide I, at isang (1) Administrative Aide III na may honorarium na popondohan ng MOOE ng Barangay Patimbao mula taong 2026 na pinagtibay sa bisa ng Barangay Resolution No. 19-S2025 / Barangay Ordinance No. 002-S2025.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Administrador, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran at Sangguniang Barangay ng Patimbao, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Oktubre 13, 2025**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**AMYCAR O. SANTOS**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. JOSEPH KRIS BENJAMIN B. AGARAO**
Punong Bayan